# Ipagpamunla ng Edukasyon Ang Mga Bata

Basahin ang kwento ni Parent-Leader Dremelie A. Jandoc, 41, IP-Bago, mula sa Sitio Casa Reyal, Barangay San Isidro, Laur, Nueva Ecija.

*"Kahit anong sipag natin, kahit magbungkal tayo ng lupa buong maghapon, ay balewala, kung hindi natin pag-aaralin ang ating mga anak. Napakahalagang punla ng edukasyon para sa mas mabungang kinabukasan ng ating mga anak,"* ito ang tinatayuang prinsipyo ni PL Dremelie, na kanya rin patuloy na  ibinabahagi sa 25 pang pamilya, bukod sa kanila, na pinamumunuan niya.

Sa ilalim ng programang Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) ay pinili, ng kanya na ring mga tiga-komunidad, si Nanay Dremelie upang maging Parent-Leader ng kanilang Sitio.

Isang malaking pagsubok ito para kay Nanay Dremelie, hindi dahil sa wala siyang sapat na karanasan sa pamumuno o hindi dahil sa siya ay isang babae, kundi dahil sa kanilang komunidad ay mapakarami o napakalaking isyu ng paksyon.

Sa kanilang sitio ay halo-halo ang mga tribo, may mga Igorot (Ibaloy at Kankanaey), Bago, at Kalanguya. Ang kailangang mamuno o hahawak sa Sitio Casa Reyal ay may pusong handang umintindi sa pagkakaiba ng bawat isa—ng kanilang mga kalakasan pati na rin kahinaan, ito ang paniniwala ng buong komunidad.

*"Dapat sa pamumuno ay maging agresibong lider, agresibo sa puntong ikaw ay tunay na matatag—matatag para itama ang mga mali ng iyong kasama at bigyan sila ng mas malakas pang boses upang maiparating ang kanilang mga hinaing at suhestiyon sa kinauukulan,"* pagbibigay diin ni PL Dremelie.

Sa kulturang katutubo ay laging nakakabit ang maling kaisipan na sila ay pasaway at mahilig magsugal. Bagama't aminado si PL

Dremelie na noon siya rin ay lulong sa pagsusugal, matagal na niya itong tinalikuran, at ngayo'y patuloy n'ya pa ring niyayakag palayo ang natitirang isang (1) porsyento ng kaniyang miyembro sa kanilang masasamang bisyo. Para sa mga miyembro ni PL Dremelie, matatagpuan sa kaniya ang core values (mahalagang pag-uugali) ng DSWD—'pagkat siya ay maagap, mapagkalinga, at higit sa lahat ay may malasakit.

Sa kasalukuyan, 22 na sa miyembro ni PL Dremelie ang nakatanggap ng alagang kalabaw sa ilalim ng Suport Services Intervention (SSI) project ng MCCT. Ito ay magagamit nila bilang kasama sa pag-aararo at paghahakot mula sa bukid, dahil inabot din ng 400 piso kada araw ang bayad sa upa ng kalabaw. Malaking tipid at tulong, anila. Sa Sitio Casa Reyal ay uso ang pagtatanim ng kamote, palay, at mais sa paanan ng bundok, sa kanilang mga lupang minana (o ancestral domain) na ngayo'y inaayos ang Certificate of Title Land Registry (CTLR) sa tulong na rin ng Department of Agrarian Reform (DAR) at National Commission on Indigenous Peoples (NCIP).

Hiling naman nila ngayo'y magkaroon na ng sementado at konkretong daan papasok na kanilang Sitio, 'pagkat madalas itong lubog ng hanggang bewang na tubig tuwing mga buwan ng Agosto hanggang Nobyembre, dahil na rin sa tatlong malalaking sapa na nakapalibot rito. Dagdag pa rito ay nais din nilang magkaroon ng karagdagang pagkakakitaan tulad ng pag-aalaga ng kambing at baboy.

*"Nais naming paunlarin ang komunidad, ng hindi sinasakrispisyo ang aming kultura, para sa susunod na henerasyon ng mga katutubo,"* bahagi ni PL Dremelie. ### (Andyleen C. Feje)